# Huwag kalimutang magbayad ng Resident Tax！




Batay sa impormasyon mula sa Ministry of Internal Affairs and Communications, Ministry of Justice, at sa mga website ng Lungsod ng Sapporo.

## Ano ba ang Resident Tax？


Ang Resident Tax ay isang uri ng buwis na dapat bayaran ng mamamayan na naging residente ng Japan mula sa araw ng Enero 1 na may pinagkakakitaan (income). Pareho rin kahit umalis sa Japan sa petsang lagpas Enero 2.

## Pagbabayad ng Resident Tax

Ang halaga ng babayarang resident tax ay base sa buong halaga ng kita o sweldo simula Enero 1 hanggang Disyembre 31 nang nakaraang taon. May 2 paraan ng pagbabayad nito.

❶




### "Espesyal na pagkolekta" - Ibabawas sa sweldo

Ito ay ibabawas ng pinagtatrabahuhang kompanya mula sa iyong sweldo at derektang ibabayad sa munisipalidad. Ang "Espesyal na pagkolekta" ay partikular sa mga empleyado ng kompanya kaya hindi na kailangang magbayad mismo sa munisipalidad.

*Kung hindi alam na ito ay "Espesyal na Pagkolekta" tingnan kung nakasulat sa iyong payslip. Subalit kung hindi parin malaman, mangyaring magtanong sa kompanyang pinagtatrabahuhan。

❷






### "Normal na Pagkolekta" - Ikaw mismo ang magbabayad

Tuwing kabuwanan ng Hunyo, ang munisipalidad ay magpapadala ng payment slip na babayaran sa banko o convenience store.

Maaari ring bayaran sa pamamagitan ng bank transfer o bank account withdrawal ngunit kailangan ng pag aplay nito.

*Bilang patakaran, ang pagbabayad ng tax ay hinahati sa 4 na beses, ngunit kung mahirap parin sayo na magbayad kahit na 4 na beses, mangyaring sumangguni sa Munisipalidad na tinitirahan.

*Para sa may nais na maging automatic withdrawal, mangyaring makipag ugnayan sa tinitirahang munisipalidad.




Isa sa mga requirements sa renewal ng status of residence o iba pang pang proseso sa imigrasyon. Ang hindi pagbabayad ng resident tax ay makakasagabal at hindi magdudulot ng magandang resulta sa inyong aplikasyon.

* lalo na sa pag aplay ng “Permanent Resident” na napaka istrikto.

## Kung Titigil sa Trabaho

Para sa mga empleyado na nagbabayad ng tax sa pamamagitan ng Espesyal na koleksyon at titigil sa kanyang trabaho, kinakailangan na bayaran ang hindi pa nabayarang residence tax. Ang paraan ng pagbabayad ay maaaring isagawa alinman sa ❶～❸. Itanong sa kompanya kung ano ang iyong nararapat piliin.

❶ Bayaran sa pamamagitan ng Normal na koleksyon.
❷ Ang buong halaga ng hindi pa nabayarang residence tax ay ibabawas sa sahod o sa matatanggap na pera mula sa kompanya sa pagtigil sa trabaho at ang kompanya ang kapalit na magbabayad sa munisipyo.
❸ Ipagpatuloy ang pagbabayad sa pamamagitan ng Espesyal na koleksyon sa bagong kompanya.




### Kung babalik na sa sariling bansa



Leaflet na naglalaman ng mga impormasyon ukol sa pagbabayad ng residence tax kapag tumigil ng trabaho o bumalik na sa sariling bansa. Ito ay nasa maraming wika.

www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=1064208297700

Ingles, Tsina (tradisyunal・pinasimple), Koreyano, Biyetnam, Tagalog, Thai, Kastila

### Daily Life Support Portal for Foreign Nationals “Tax”




Website ng Ahensya ng Imigrasyon na naglalaman ng impormasyon ukol sa mga pangunahing patakaran at sistema ng “tax” na nasa iba't ibang wika.

www.moj.go.jp/isa/support/portal/tax.html

Ingles, Intsik, Koreyano, Vietnamese, Tagalog, Indonesia, Nepal, Thai, Burmese, Kastila, Portuguese,Khmer, Mongol、Turkish, Ukraine.